

1. Tungkol sa Nilalaman ng Anunsyo ng Pamahalaang Lungsod sa Disaster Prevention Radio.

Ang lungsod ng Tochigi ay nagdeklara ng State of Emergency upang maiwasan ang malawakaang pagkalat ng Covid-19. Sa pamamagitan ng Disaster Prevention Radio Broadcast., inaanunsyo ito ng dalawang beses sa isang araw. Ito ay sa alas dose ng tanghali at alas sinko ng hapon sa lahat ng mamamayan sa buong Tochigi City ang sumusunod na pananawagan;

“Ito ay ang inyong alkalde ng lungsod ng Tochigi na si Hideko Ogawa. Upang maiwasan ang pagkalat ng Covid-19 ay inilagay ang buong lungsod sa “State of Emergency”. Malugod kung hinihiling ang inyong kooperasyon na huwag munang lumabas ng inyong mga tahanan kung hindi kinakailangan at kung sa ating pang-araw-araw na pamumuhay ay hindi muna mahalaga ang dahilan. hanggang sa ika-7 ng Pebrero.”

Mahalaga rin na ipagpaliban ang paglabas ng bahay paglampas ng alas 8’00 ng gabi.

2. Tungkol sa Paglagay ng Kiosk Terminals.

Sa umpisa ng Marso ngayong taon ay maglalagay ng isang Certificate Issuing Machine sa Shimin Seikatsu Section sa ikalawang palapag ng Main Building ng City Hall. Ito ay tatawaging Kiosk Terminal. Gamit ang My Numbers Card, pwedeng itong mag-isyu ng mga kinakailangan dokumento gaya ng Juminhyo o Residential Certificate, ang Inkan Shomeisho o Certificate of Registered Seal, Certificate of Income Declaration at Certificate of Residence Tax Determination. Ang mga rehistradong mamamyan lamang ng Tochigi City ang maaring gumamit nito. Kinakailangang dalhin ang MyNumbers Card at huwag kalimutan ang itinalaga nating apat na digits na Pin Number nito.

Maari itong gamitin mula alas 8:30 ng umaga hanggang alas 7:00 ng gabi, Lunes hanggang Biyernes. Ang bawat dokumento ay nagkakahalaga ng 200 yen na mas mura ng 100 yen kung ito ay hihilingin sa mga counters ng nasabing section ng munisipiyong.

3. Tungkol sa Pagsakay sa Iwafune Route ng Fureai Bus ng Lungsod hanggang sa Sano City.

Ang lungsod ang nangangasiwa ng Fureai Bus na nagsisilbing pampublikong sasakyan ng mga mamamayan sa kanilang pagpasok sa eskwela, sa pagpunta sa mga pagamutan, pamamamalengke at sa pagpunta sa iba pang mga lugar sa ating pang-araw-araw na pamumuhay. At magmula sa ika-22 ng Marso ang Iwafune Route ay makakarating na ang biyahe nito hanggang sa Lungsod ng Sano.

Makikipag-ugnayan ito sa mga pampublikong bus na paalis din ng Sano City, Para sa mga partikular na lugar ng nasabing lungsod ay ang Sano Premium Outlets, Sano New City Bus Terminals at ang Aeon Mall nito.

Ang Iwafune Route ay magdadagdag ng kabuoang 30 kilometro mula sa biyahe nito na nag-uumpisa sa southern exit ng Tochigi station at umiikot ito ng mapasilangan at mapakanluran din ng may apat na biyahe kada araw mula Lunes hanggang Biyernes.

Kaya gamitin po natin ito.